

NAKASASAKIT SA LAHAT ANG KRIMEN **MAKAKATULONG KAMI**



PAANO AKO MAKAAHINGI NG TULONG?

Dedikado ang California Victim Compensation Board (CalVCB) sa pagbigay ng tulong pampinansiyal para sa maraming gastusing kaugnay ng krimen.

Maaaring maging kwalipikado upang makatanggap ng tulong ang mga biktima na nakaranas ng pisikal na pinsala, pagbabanta ng pisikal na pinsala o emosyonal na pinsala bilang resulta ng marahas na krimen.

Upang maging kwalipikado, ang isang tao ay dapat naging biktima ng nakalisting krimen. Para sa ilang mga krimen, sapat na ang emosyonal na pinsala upang maging kwalipikado. Maaring maging kwalipikado rin ang mga miyembro ng pamilya at mga mahal sa buhay.

PAANO AKO MAG-APLAY?

- Mag-download ng aplikasyon sa **victims.ca.gov** at ipadala ito sa address sa ibaba.
- Tumawag sa **1-800-777-9229**
- Para sa lokal na tulong, bisitahin ang **victims.ca.gov/victims/localhelp.aspx** upang mahanap ang mga kalapit na tagapagtanggol ng mga biktima ng krimen sa county na maaaring tumulong sa pag-aplay at sa pag-nabiga ng sistema ng katarungang pangkrimen.

ALING IBANG IMPORMASYON ANG MAKAKATULONG?

- Mga resibo ng mga gastos na may kinalaman sa krimen
- Mga bill para sa gastusing medikal, dental, o kalusugang pangkaisipan na may kinalaman sa krimen
- Card para sa medikal na insurance

KASAMA SA MGA NASASAKLAWANG KRIMEN ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA:


- Pag-atake
- Pang-aabuso sa Bata
- Karahasan sa Tahanan
- Pagmamaneho nang Lasing
- Pang-aabuso sa Nakatatanda
- Krimen ng Pagkamuhí
- Pagpatay ng Tao
- Pangangalakal ng Tao (Human Trafficking)
- Online na Panliligalig
- Pagnanakaw
- Sekswal na Pag-atake
- Paniniktik (Stalking)
- Hindi Sinasadyang Pagpatay ng Tao Gamit ang Sasakyan

MAKATUTULONG ANG CalVCB NA BAYARAN ANG:

- Pagpapayo
- Medikal at dental na paggamot
- Pagkawala ng Kita
- Gastos sa libing at burol
- Seguridad sa tirahan
- Kagamitang medikal kung nawala o nanakaw
- Pagbabago sa tirahan o sasakyan para sa mga biktima na nagtamo ng kapansanan
- Paglinis ng pinangyarihan ng krimen
- Paglipat ng bahay

May mga limitasyon sa kung magkano ang maibibigay para sa bawat kawalan.

HOW CALVCB HELPED CRIME VICTIMS IN 2017



Tagalog | rev. 6.22.2018